1

# Basic Literacy Learning Material



**Bureau of Alternative Learning System**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**

**Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto**
Kagawaran ng Edukasyon
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

# Pagsibol Mo . . . Kayamanan Ko

## Gabay ng Tagapatnubay

Karapatang-Ari 2013
**Bureau of Alternative Learning System**
**Department of Education**

Pag-aari ng Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto, Kagawaran ng Edukasyon ang modyul na ito. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

Inilathala sa Pilipinas ng:

Department of Education
Bureau of Alternative Learning System
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

## Paunang Salita

Isa sa mahahalagang proyekto ni Pangulong Benigno Aquino III ang National Greening Program. Inaasahang sa pamamagitan nito mababawasan ang kapinsalaang dala ng pagbaha at pagguho ng lupa sa ibang bahagi ng bansa.

Inaanyayahan ang mga mamamayang makiisa sa makabuluhang proyektong ito para sa kapakanan ng nakararami.

Kumilos na tayo ngayon!

Ang manwal na ito ay magagamit para sa pagtuturo ng tamang pagtatanim at pag-aalaga ng ating halaman. Nahahati ito sa dalawang aralin:

Aralin 1: Ihahanda Kita Para Ako'y Makinabang

Aralin 2: Puno Bunga Ay Kayamanan

## Ihahanda Kita Para Ako'y Makinabang
Aralin 1

### I. MGA LAYUNIN

1. naibibigay ang mensahe mula sa tulang narinig;

2. natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda ng taniman;

3. nababasa ang mga hakbang sa paghahanda ng taniman;

4. naisusulat ang tamang baybay ng mga payak na salita;

5. nakapagbibigay ng mga bilang mula 1-20.

Pagpapahalaga: Nabibigyang halaga ang mga halaman at ang kabutihang dulot ng wastong pangangalaga.

### II. PAKSA

- Aralin 1: Ihahanda Kita Para Ako'y Makinabang

- Mga Kagamitan
  - Modyul
  - Larawan

- Pangunahing kasanayan sa pakikipamuhay:
  - Kasanayang magpasiya o magdesisyon
  - Mga kasanayan sa paghahanapbuhay



### III. PAMAMARAAN

**A. Panimulang Gawain**
(Pakikinig, Pagsusulat, Pagbasa)

**1. Balik-aral**

- Ipakita ang larawan sa cover ng modyul sa mga mag-aaral.
- Tanungin ang mga sumusunod:
  - Ano ang nakikita ninyo?
  - Ano ang ginagawa nila?
  - Ano ang ibig sabihin ng "Pagsibol Mo... Kayamanan Ko?"

**2. Pagganyak**

- Kayo ba ay may tanim sa inyong bakuran?
- Ano ang ginagawa ninyo sa inyong tanim?
- Ano-ano ang inyong mga tanim?

**B. Panlinang Na Gawain**

**1. Paglalahad**

- Basahin ng *facilitator* ang tula. (Pakinggan Natin)
- Itanong ang sumusunod:
  - May tanim ba kayong halaman?
  - Inaalagaan ba ninyo ang inyong mga tanim?
- Basahin natin nang sabay-sabay ang tula.

- Bumuo ng tatlong grupo. Babasahin ang tula.
- Pabuksan ang modyul sa pahina 6, Basahin Natin.

**2. Pagtatalakayan**

- Magpakita ng mga larawan (Pag-isipan Natin: Mga Hakbang sa Paghahanda ng Taniman).
  - Ano ang ginagawa ng tao na nasa unang larawan? (Tao na nagdadala ng mga itatanim)
  - Ikalawang larawan (tao na nagbu-bungkal ng lupa)
  - Ikatlong larawan (tao na nagsusukat at nagtatanim)
    - Pag-usapan Natin (pahina 4)
    - Ipakita ang mga larawan
    - Itanong:
      - Ano ang ginagawa ng mga tao na nasa larawan mula 1-4?
      - Sa palagay ninyo, ipinakikita ba ng mga larawan ang wastong hakbang sa paghahanda ng taniman?
    - Isusulat ng guro ang mga sagot ng mag-aaral sa pisara.

**Mga hakbang sa paghahanda ng taniman**

1. Pumili ng tamang binhi para itanim.



2. Linisin ang palibot na tataniman ng halaman.
3. Bungkalin ang lupa at sukatin ang pagitan ng mga tanim.
4. Lagyan ng lilim ang mga pananim.
   - Ipabasa ang mga hakbang sa paghahanda ng taniman.

   Isulat ang mga salita kagaya ng
   - Pagbubungkal
   - Pamimili
   - Pagsusukat
   - Paglilinis

   Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga nakasulat sa pisara.

   Ipagaya ang pagsusulat sa pahina 9.
   - Dapat tandaan sa pagsulat
     - tama ang baybay ng mga salita
     - malinaw at malinis ang pagkakasulat

**3. Paglalahat**

- Basahin:

| |
|---|
| Ang puno'y biyaya,<br>Kung tayo'y matiyagang mag-alaga<br>Kapag puno'y inalagaan<br>Dulot nito'y magandang bukas. |

Tanungin:

- Ano ang dapat gawin sa halaman?
- Ano ang mangyari kapag ito'y inaalagaan?
  Ipakita ang Tandaan Natin.
- Ano-ano yung apat na hakbang sa paghahanda ng taniman?

**4. Paglalapat**

Pabuksan sa Subukin Natin at Kwentahin Natin

- Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong.

## IV. PAGTATAYA

A. Ipagawa ang pagsasanay sa pahina 10, Alamin Natin.
B. Itala ang bilang ng mga puno na inyo nang naitanim sa bakuran.
C. Magmasid sa kabutihang dulot ng maayos na pagtatanim at pag-aalaga ng mga ito.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Maaaring magtala ng iba pang paraan sa pagtatanim ayon sa sariling karanasan.
- Ipatanong ito sa kasambahay o kapitbahay na magsasaka.



# Aalagaan Kita

Aralin 2

## I. MGA LAYUNIN

1. naiisa-isa ang mga paraan sa pag-aalaga ng halaman ayon sa narinig na usapan;

2. natutukoy ang mga paraan sa pag-aalaga ng mga halaman;

3. nababasa ang mga salita batay sa larawang ipinakita;

4. naisusulat ang mga paraan sa pag-aalaga ng mga halaman; at

5. nakikilala ang halaga ng pera.

   Pagpapahalaga: Naipakikita ang wastong pag-aalaga ng puno

## II. PAKSA

A. Aralin 2: Aalagaan Kita

B. Mga Kagamitan
   - Modyul
   - Larawan

C. Pangunahing kasanayan sa pakikipamuhay:
   - Mga kasanayan sa paghahanapbuhay
   - Kakayahang makiisang damdamin

## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-aral

- Ano-ano ang mga ihahanda para sa pagtatanim?

#### 2. Pagganyak

- Pagmasdan ang mga larawan:
  - Ano ang ginagawa ng bawat isa? Bakit?

### B. Panlinang na Gawain
(Pagbasa, Pakikinig at Pagsasalita)

#### 1. Paglalahad

- Basahin ang Pag-isipan Natin sa pahina 17.
- Itanong:
  - Tungkol saan ang pinag-uusapan ng dalawang tauhan sa kwento?
  - Ano-ano ang ginagawa ni Mang Jose para dumami ang bunga ng punong mangga at maging malusog ang gulay?
- Buksan sa pahina 19, Basahin Natin. Itanong:
  - Ano ang dapat gawin sa ating halaman?
  - Bakit kailangang diligin ang mga halaman?



  - Ayon sa tula, ano pa ang dapat ilagay sa ating halaman? Bakit?
- Basahin nang sabay-sabay ang tula.

#### 2. Pagtatalakay

- Ipakita ang mga larawan sa modyul.
  - taong nagdidilig
  - naglalagay ng pamatay-peste sa tanim
  - naglalagay ng pataba sa tanim
  - nagtatanggal ng damo
- Isulat sa pisara.
  - nagbubunot ng mga damo sa palibot ng halaman
  - nagdidilig ng mga puno
  - naglalagay ng pamatay-peste sa tanim
  - naglalagay ng pataba sa tanim
- Ipabasa sa mga mag-aaral.

#### 3. Paglalahat

- Pabuksan sa pahina 34, Tandaan Natin
- Itanong:
  - Ano-ano ang dapat gawin sa ating pananim?
- Ipabasa ang mga tugma.

*Mga puno't halaman*
*ay iingatan dulot nito'y*
*magandang kinabukasan.*

- Ano ang ibig sabihin ng tugma?

4. **Paglalapat**

    - Pabuksan ang modyul sa pahina 31, Subukin Natin. (Sagutin ang mga pagsasanay.)

## IV. PAGTATAYA

- Buksan sa Alamin Natin at Kwentahin Natin. Sagutin ang mga tanong.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Bumuo ng mga salita na kaugnay sa pag-aalaga ng halaman.
- Isulat ang nabuong salita
- Kwentahin ang mga simpleng problema.



# Puno… Bunga ay Kayamanan

Aralin 3

## I. MGA LAYUNIN

1. naipaliliwanag ang kwentong napakinggan;
2. nakabubuo ng mga salita;
3. naipahahayag ang mga payak na salita;
4. nakasusulat ng mga payak na salita;
5. nakapagkukwenta ng payak na suliraning pambilang.

    Pagpapahalaga: Pagka-makakalikasan at kasipagan

## II. PAKSA

A. Aralin 3: Puno… Bunga ay Kayamanan

B. Mga Kagamitan
- Modyul
- Larawan

C. Pangunahing kasanayan sa pakikipamuhay:
- Paglutas sa suliranin o problema
- Mapanuring pag-iisip

## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-aral

- Ano-ano ang mga paraan sa pag-aalaga ng mga halaman?
- Ipasulat sa pisara at ipabasa ang mga ito.

#### 2. Pagganyak

- Hayaang magmasid ang mag-aaral sa paligid.
- Itanong:
  - Ano-ano ang inyong nakikita sa paligid?
  - Ano ang karamihan na inyong nakikita?
  - Paano pinakikinabangan ang mga punongkahoy?

### B. Panlinang na Gawain
(Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa)

#### 1. Paglalahad

- Ipakita ang larawan sa pahina 28.
- Ano ang nakikita ninyo sa larawan?
- Ano-ano ang mga puno na nakikita mo sa larawan?
- Ano ang masasabi ninyo sa mga bunga ng mga puno?
- Ano-ano ang bunga?
- Magiging kayamanan kaya ang mga ito? Bakit?



- Bigyan ang mga mag-aaral ng simpleng suliranin tungkol sa pagkukwenta.
  Hal. Sa larawan makikita ang tiklis ng mangga at saging.

  Si Edward ay may 8 kilong mangga. Ipinagbili ito ng Php 15.00 ang bawat kilo. Magkano ang kanyang kinita?

#### 2. Pagtatalakayan

- Buksan sa pahina 29, Pag-isipan Natin.
- Tingnan ang bawat larawan.
  - Ano ang masasabi mo sa bawat larawan?
    - unang larawan
    - ikalawang larawan
    - ikatlong larawan
    - ikaapat na larawan
    - ikalimang larawan
  - Kung ikaw ang may ari ng punong ito, masaya ka ba? Bakit?
  - Makatutulong ba ito sa pag-unlad ng iyong buhay?
  - Ano ang ginagawa ng lalaki sa ikalimang larawan?

#### 3. Paglalahat

- Buksan sa pahina 30, Basahin Natin.
- Sagutin ang mga tanong tungkol sa kwento ni Mang Juan.
- Basahing muli ang Tandaan Natin tungkol sa tula.

- Sagutin ang sumusunod na tanong:
  - Ano ang maibibigay ng mga puno?
  - Ano-ano pa ang pakinabang natin sa mga puno?
  - Paano magiging pera ang mga puno?
  - Paano tayo yayaman sa puno?
- Basahing muli ang tula.
- Buksan sa Sabihin Natin. Sagutin ang mga suliranin.
- Ano ang mga paraan sa pagkwenta sa simpleng suliranin?

**4. Paglalapat**

- Sagutin ang Subukin Natin at ang Post Test.

## IV. PAGTATAYA

A. Buksan sa pahina 37, Ano na ang inyong natutuhan?

- Lagyan ng tsek (✔) ang patlang kung ang pahayag ay nagsasaad ng benepisyo buhat sa mga puno at ekis (✖) kung hindi.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga ginagawa nila kung sila ay nasa bukirin.